





# PRAYMER SA **KRIMINALISASYON** NG MGA PAGLABAG SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN SA PAGGAWA

SAFE WORKPLACES NOW

IOHSAD
Institute for Occupational Health and Safety Development

iohsadph@gmail.com
https://iohsad.com/

## Ano ang kasalukuyang kalagayan ng pagpapatupad ng occupational safety and health sa Pilipinas at bakit ito bigo sa pagprotekta sa mga manggagawa?




Hangad ng bawat manggagawang Pilipino ang makauwi nang ligtas sa kanilang mga pamilya. **Nakalulungkot na hindi ito natupad ng 369 na manggagawang namatay at 516 na umuwing may pinsala noong 2025 dahil sa mapanganib na kalagayan sa trabaho at kapabayaan ng mga kumpanya.**

Sa ubod ng datos na ito, lubos na nakaaalarma ang pagdami ng namamatay na mga manggagawa sa sektor ng transportasyon at konstruksyon. Tumataas din ang bilang ng nasasawi dahil sa workplace violence at equipment failures. Laganap din ang sapilitang pagpapasok sa trabaho sa gitna ng mga kalamidad at sakuna tulad ng bagyo, pagbaha at lindol.



Ipinakikita din ng mga datos na hindi nakasasapat ang kasalukuyang umiiral na Occupational Safety and Health (OSH) Law o RA 11058 at kaakibat na mga regulasyon (IRR 252-25) para tiyakin ang pundamental na karapatan ng mga manggagawa sa isang ligtas at malusog na kapaligiran sa trabaho.

Nakasaad sa OSH Law na integral ang kaligtasan at kalusugan sa paggawa para sa pag-unlad ng bansa. Responsibilidad ng pamahalaang tiyaking bawat isang manggagawa ay protektado laban sa pinsala, pagkakasakit o pagkamatay mula sa mga panganib sa trabaho. Layunin din ng batas na itong tiyaking ipinapatupad ng mga employer ang mga probisyon ng Labor Code at iba pang batas, lokal man o internasyunal, patungkol sa OSH at magpataw ng multa sa paglabag nito.



Binigyang diin ng OSH Law ang karapatan ng manggagawang (1) malaman ang lahat ng panganib sa trabahong kanyang gagampanan at mabigyan ng angkop na training at impormasyon tungkol dito (*Right to Know*); (2) tumangging magtrabaho kung hindi ligtas ang trabaho nang walang pagbabanta mula sa employer (*Right to Refuse Unsafe Work*); (3) mag-report ng aksidente, napipintong aksidente o iba pang panganib sa trabaho nang walang takot na magantihan ng employer (*Right to Report Accidents*); at (4) mabigyan ng libreng Personal Protective Equipment o PPE na angkop sa kanilang gawain, nasubukan at aprubado ng Department of Labor and Employment (DOLE), at rekomendado ng safety officer.

Tampok din sa OSH Law ang pagkakaroon ng OSH committee sa bawat kumpanyang bubuuin ng employer, OSH personnel (safety officer, doktor, nars, dentista, o first aider), at kinatawan ng mga manggagawa. Ang OSH committee ang bubuo ng mga OSH program at magsusuri sa epekto nito, sa pamumuno ng employer.

Higit sa lahat, pinapahalagahan ng OSH Law ang pagsunod sa OSH standards sa pamamagitan ng pagkilala sa regular na inspeksyong isinasagawa ng DOLE, pagmumulta sa mga kumpanya ayon sa uri ng paglabag at pagbibigay suportang pinansyal sa mga manggagawang naapektuhan ng panganib sa trabaho. Sa Implementing Rules and Regulations ng OSH Law (D.O. 252-25), binigyang pansin ang partikular na kalagayan at mga panganib sa mga sumusunod na sektor – retail, food service, professional, at agricultural establishments, business processing output, construction, energy, fishing, mining, maritime, movie and television, at healthcare, pati na rin sa land transportation at telecommunications.

Maaaring komprehensibo sa papel ang OSH Law ngunit bigo pa rin itong abutin ang layuning matiyak ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa. Una, patuloy pa rin ang pagdami ng mga aksidente, pagkakasakit at pagkamatay ng mga manggagawa na kung tutuusin ay maaari namang maiwasan. Ikalawa, kulang na kulang ang mga labor inspector sa buong bansa para i-monitor ang mga lugar-paggawa. Ikatlo, laganap pa rin ang kawalan ng first aider, safety officer, at OSH program sa mga lugar-paggawa ayon mismo sa datos ng Bureau of Working Conditions mula 2020 hanggang 2024.

Maituturing na mahalagang salik sa patuloy na paglabag ng mga kumpanya sa OSH rights at standards ang mahinang OSH Law. Napakababang mga multa o administrative fine lang ang katumbas ng mga paglabag sa OSH standards. Walang kriminal na pananagutan kahit pa ang malalalang paglabag na nagresulta sa pagkamatay ng mga manggagawa. Hindi kayang tumbasan ng P100,000 na multa ang bigat ng matinding pinsala o pagkamatay ng manggagawa dahil sa malalang paglabag ng mga kumpanya sa OSH standard.

Malinaw na nagpapatuloy ang kultura ng kapabayaan sa mga lugar-paggawa. Hanggang ngayon ay wala kahit isang nakukulong at nanagot na kumpanya dahil sa paglabag sa OSH standard na nagresulta sa pagkapinsala, pagkakasakit o pagkamatay ng manggagawa. Nananatili pa ring malaya ang mga may-ari't pamunuan ng Eton, Kentex, House Technology Industries at NCCC Mall na responsable sa mga pinakamalalaking trahedya sa trabaho. Samakatwid, kahit may OSH Law, bigo pa rin itong protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.



## Ano ang ibig sabihin ng panawagang “criminalize OSH standards violations?” Ano ang nilalaman ng House Bill 5221?

Pananagutan sa mga sadya’t paulit-ulit na paglabag at pagturing sa mga ito bilang krimen na maaaring magresulta ng pagkakakulong ang nasa ubod ng panawagang kriminalisasyon ng mga paglabag sa OSH standard. Taliwas ito sa kasalukuyang nilalaman ng OSH Law, kung saan itinuturing lang na administratibo ang paglabag sa OSH standard na may karampatang multa.

Ito ang pangunahing layunin at nilalaman ng House Bill 5221 na ating isinusulong at ipinanukala ng Gabriela Women’s Party noong Oktubre 2025.  Nais nitong amyendahan ang kasalukuyang OSH Law sa pamamagitan ng pagdagdag ng mga probisyon ukol sa kriminal na pananagutan para sa mga paglabag sa OSH standard. Ito ay rin ay naglalayong magpataw ng parusa ayon sa bigat ng pinsalang dulot nito habang tinitiyak na nasusuportahan ang pamilya ng biktima at pinapatatag ang OSH compliance.  Sa pagpapasa ng batas na ito, nais nating:



1. Makulong at pagmultahin ang mga employer na lumabag sa OSH standards. Maaari silang makulong nang **isa hanggang 12 taon at pagmultahin ng PHP 300,000 hanggang PHP 3 milyon** depende kung ang paglabag ay nagresulta ng *injury* o pagkamatay ng manggagawa
2. Papanagutin ang mga kumpanyang lumabag sa violations, kasama ang mga opisyal nito — presidente, CEO, o general manager man.
3. Mabigyan ang pamilya ng biktima ng suportang pinansyal nang hindi bababa sa **PHP 75,000.**
4. Matanggalan ng permit ang mga kumpanyang paulit-ulit ang paglabag.
5. Maprotektahan laban sa *retaliation o discrimination* ang mga manggagawang magrereklamo o magbibigay-impormasyon tungkol sa paglabag sa OSH standards.
6. Maglabas ang Department of Labor and Employment (DOLE) ng listahan ng paglabag at kaukulang multa.
7. Matiyak na magamit ang makokolektang pondo para sa mga OSH training and education programs para sa mga manggagawa.

Kinikilala ng HB 5221 na ang kasalukuyang sistema ng parusa, pagpataw ng administrative fines, ay hindi sapat para matiyak ang pag-comply ng mga employer sa mga OSH standards. Layunin nitong punan ang isang kritikal na puwang sa OSH Law, kung saan ang katumbas ng buhay ng isang manggagawa ay nagkakahalaga lang ng PHP 100,000. Patatatagin ng HB 5221 ang OSH Law sa pamamagitan ng pagtiyak na mananagot ang mga lumabag sa OSH standard na nagresulta sa pagkakapinsala, pagkakasakit o pagkamatay ng manggagawa.

## Bakit hindi sapat ang pagpapataw ng multa o administrative fine para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa?

Para sa maraming negosyo, lalo na sa malalaking kumpanya, **barya** lang ang mga multang nakasaad sa kasalukuyang OSH Law. Lalo pa't higit na pinababa ang mga multa sa bagong bersyon ng Implementing Rules and Regulations ng OSH Law o Department Order 252-25. Makikita sa Table 1 ang lubhang mababababang multang ipinapataw sa mga paglabag, at ang pagbibigay ng tatlo pang pagkakataon bago taasan nang bahagya ang parusa. Pagbabayarin ang kumpanya araw-araw hanggang maitama ang paglabag, pero hindi maaaring lumagpas sa PHP 100,000 kada araw.
**Mayroong karagdagang PHP 100,000 na multa para sa mga sumusunod**:

1. pagkakaroon ng matinding pinsala o kawalan ng buhay dahil sa paglabag ng employer;
2. pamemeke ng kahit anong dokumento para sa inspeksyon;
3. paulit-ulit na pagtanggi o pag-aantala sa mga kinakailangang dokumento sa inspeksyon at,
4. diskriminasyon laban sa mga manggagawang nagbigay ng impormasyon tungkol sa mga paglabag ng kumpanya subalit hindi nito napipigilan ang paulit-ulit na kapabayaan ng mga employer.

Dagdag pa, mas mura para sa mga kumpanyang magbayad ng multa kaysa gumastos para bumili ng mga wastong kagamitan, pagsasanay o mga proseso't sistemang magpoprotekta sa kaligtasan at kalusugan ng mga manggagawa.

Bukod sa mababang multa, kailangang silipin din ang mahinang kakayahan ng Department of Labor at mga ahensya ng gobyerno sa pagpapatupad ng batas. **Kakaunti ang labor inspectors — 532 lamang para sa 1,241,476 na establisyimento (Department of Trade and Industry, 2024)**. Ayon sa Department of Labor and Employment sapat na ito para maabot ang target na 170,000 - 190,000 na establisyimento para sa inspeksyon nitong nakaraang dalawang taon. Batay sa Bureau of Working Conditions, sapat na rin ito para maiangat ang compliance rate sa target na higit pa sa 70%, mula sa inisyal na hindi lalagpas sa 65%. Subalit dahil **wala pa sa 15% ng kabuuang dami ng mga kumpanya ang nasisilip,** masasabing hindi ito kumakatawan sa tunay na kalagayan ng mga manggagawa.

Patunay at makapangyarihang mensahe tungkol sa pagpapahalaga sa buhay ng bawat manggagawa ang kriminalisasyon ng paglabag ng mga OSH standard. Pagdidiin ito sa responsibilidad ng mga employer na tiyakin at bigyang pansin lagi't lagi ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa.

Table 1. Pagkukumpara ng paglabag at karampatang multa noong 2018 at 2025

| Department Order 198 - 2018 | | Department Order 252 - 2025 | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Violations | Penalty (in Php) | Violations | Penalty (in Php) | | |
| | | | 1st Offense | 2nd Offense | 3rd Offense |
| Provision of job safety instruction or orientation prior to work | 20,000 | Failure to conduct OSH orientation for workers | 3,000 | 5,000 | 7,000 |
| Provision of information on hazards and risks (absence of chemical safety data sheet, no written standard operating procedure in materials handling, lifting, etc., no permitting system for confined spaces/hot works, no lock-out/tag-out system etc). | 40,000 | No standard operating procedure for mechanical equipment and electrical installation | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| | | Improper labelling, handling, storing, disposal of, and transport of hazardous substances (eg. flammable, irritating, offensive, or toxic dust, fibers, gases, mists, or vapors) | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| | | Failure to conduct work environment measurement (temperature, humidity, pressure, illumination, ventilation, noise, concentration of substances, airborne contaminants) in hazardous workplaces | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| | | No permit system for critical jobs or high-risk activities (eg. hot works permit) | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| Compliance with DOLE issued Work Stoppage Order (WSO) | 50,000 | No counterpart | | | |
| Provision of PPE or charging of provided PPE to workers | 50,000 | Failure to provide free PPE to workers | 3,000 | 5,000 | 7,000 |
| Establishment of a safety and health committee | 40,000 | No OSH committee | 3,000 | 5,000 | 7,000 |
| Formulation and implementation of a comprehensive safety and health program | 40,000 | No OSH program | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| Provision of safety officer and/or OH personnel | 40,000 | No safety officer | 3,000 | 5,000 | 7,000 |
| Provision of certified personnel or professionals required by the OSH standards | 40,000 | No first aider | 3,000 | 5,000 | 7,000 |
| Provision of workers' training | 25,000 | No OH personnel, services or training | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| Provision of medical supplies, equipment and facilities | 30,000 | No OH facilities | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| Registration of establishment | 20,000 | Non-registration of establishment | 1,000 | - | - |
| Submission of repertorial requirements as prescribed by OSH standards | 30,000 | Failure to prepare, keep, and submit WAIR, AEDR, AMR | 1,000 | 2,000 | 3,000 |
| Provision of sanitary and welfare facilities | 40,000 | No worker's welfare facilities | 3,000 | 5,000 | 7,000 |
| Provision of safety signage and devices | 30,000 | No safety signage | 3,000 | 5,000 | 7,000 |
| Use of approved or certified devices and equipment for the task | 50,000 | No permit to operate on mechanical equipment or a certificate of electrical inspection on electrical installations | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| | | No competent person to handle critical jobs | 3,000 | 5,000 | 7,000 |
| | | Failure to implement appropriate engineering, administrative, or PPE controls | 3,000 | 5,000 | 7,000 |
| | | Improper storage, transport, and disposal of explosives, or other hazardous materials and chemicals | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| | | No Construction Safety and Health Program | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| | | Non-provision of temporary accommodation and welfare facilities for construction workers in a construction project | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| | | No medical surveillance | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| | | No onsite personnel overseeing critical processes, materials, or equipment | 5,000 | 10,000 | 15,000 |
| Compliance to other OSH standards | 40,000 | Non-compliance with other issuances mentioned in these Revised Rules | 1,000 | 3,000 | 5,000 |

## May mga bansa na bang nagkriminalisa ng mga paglabag sa OSH? Ano ang naging karanasan nila sa pagpapatupad nito?

Maraming bansa sa buong mundo ang nagpapatupad na ng kriminalisasyon ng mga malulubhang paglabag sa OSH standard. Iba-iba man ang bigat ng multa o tagal ng pagkakakulong na ipinapataw, mataas ang pagkilala ng mga bansang tulad ng US, Australia, at South Korea sa responsibilidad ng mga kumpanya na panatilihing ligtas at malusog ang mga manggagawa nito. Sa kabilang banda, nananatili pa rin ang mga balakid sa pagpapatupad ng kani-kanilang mga batas. Patuloy ang pag-aaral sa mga ito at pagkilos ng mga manggagawa para matiyak ang mas komprehensibong proteksyon sa trabaho.




Sa US, ipinapatupad ang Occupational Safety and Health (OSH) Act of 1970 ng Occupational Safety and Health Administration (OSHA). Tampok dito ang paglalaan ng multa at pagkakakulong hindi lamang sa mga paglabag na humantong sa matinding pinsala o pagkamatay, kundi maging sa hindi awtorisadong pagsisiwalat ng paparating na inspeksyon sa lugar paggawa at pamemeke ng mga dokumentong kinakailangang isumite sa OSHA. Maaaring umabot sa $1,000 hanggang $20,000 ang multa at anim na buwan hanggang isang taong pagkakakulong ang haharapin ng employer para sa mga nabanggit na paglabag.

Sa kasamaang palad, biktima din ang batas na ito sa mabagal na pagproseso ng mga kaso sa lebel ng mga hukom. Ayon sa pagsusuri ni Swink et al., 115 na kaso pa lamang ang umabot sa korte simula noong 1970. Nakakadismaya na ang kalagayan ng mga manggagawa sa ilalim ng panukalang ito ayon sa pag-aaral ni Cimico noong 1992 ay hindi gaanong nagbago sa ngayon. Tulad sa Pilipinas, hindi sapat ang proteksyong naibibigay ng batas na ito sa mga manggagawa at patuloy ang pagsisikap ng iba't ibang grupo sa Amerika para pagbutihin pa ito.

Sa Australia, kinikilala ang kapabayaan sa paggawa na nagreresulta sa pagkamatay ng manggagawa bilang industrial manslaughter. Sa ilalim ng Work Safety and Health Act katumbas nito ang parusang multa na maaring umabot sa A$ 20 million at pagkakakulong na maaaring tumagal ng 20 taon hanggang panghabangbuhay. Naipatupad ito matapos mapatunayan ng mga pamilya ng biktima ng mga paglabag, mga unyon, at mga imbestigasyon sa kanilang pamahalaan hindi sapat ang dating mga probisyon para matumbasan ang bigat ng epekto ng mga violations.

Nagsimula ang pagpapatupad nito sa iisang lugar lamang – sa Australian Capital Territory– noong 2004 subalit ngayon ay kinikilala na ito sa walo pang jurisdiction. Sa katunayan, nitong 2020 sa Queensland, ang company director ng Brisbane Auto Recycling ay nakulong ng 10 buwan at ang kumpanya ay pinagmulta ng A$ 3 million para sa pagkamatay ng isang manggagawa nito matapos maipit sa truck ng forklift driver na hindi lisensyado.

Sa kabila ng mga tagumpay na ito, mayroon pa ring panawagan para mas mahigpit na paglilitis ng mga kaso. Ayon sa Australian Council of Trade Unions, dahil limitado sa indibidwal lamang ang parusang pagkakabilanggo, ang kawalan ng probisyon sa pagpapakulong sa buong korporasyon ay hadlang para sa makamit ang hustisya para sa mga manggagawa.







Sa South Korea naman, ipinapatupad ang **Serious Accidents Punishment Act 2022 o SAPA.** Ayon sa mga probisyon ng SAPA, may karampatang parusa hindi lang ang paglabag na nagresulta sa pagkamatay, kundi pati na rin ang mga nagresulta sa malubhang pinsala o disability. Maaaring pagmultain ng hindi bababa sa KRW 1 billion at mabilanggo ng hindi bababa sa isang taon ang may-ari ng kumpanya o miyembro ng management kung nagresulta ang kanilang kapabayaan sa pagkamatay ng manggagawa. Bukod pa rito, maaari ding mapatawan ng parusa ang korporasyon sa halagang KRW 1 - 5 billion.

Tagumpay ang sama-samang pagkilos ng 136 civic organizations na nangalap ng 100,000 na lagda, nagsit-in sa harap ng National Assembly, at nag-hunger strike para maipasa ang batas na ito at isulong ang karapatan ng mga manggagawa sa kalusugan at kaligtasan.



Simula nang ito'y ipatupad, nakapagtala ng 717 na kaso ng paglabag subalit 74 lamang ang nahatulan. Napansing mabagal ang pagproseso ng mga kasong walang matinding panawagan mula sa publiko. Hindi rin ibinagbibigay-alam sa pamilya ng mga biktima ang mga paglabag sa takot na makaapekto ito sa resulta ng paglilitis.



Sa kabilang banda, malinaw sa pag-aaral ng Korea Institute of Labor Safety and Health (KILSH) ang positibong epekto ng SAPA sa pagpapataas ng kamalayan ng OSH sa trabaho. Nakapaglalaan ng mas malaking budget ang mga kumpanya, nakapagbibigay sila ng mas malalim na edukasyon tungkol dito, at nakabubuo ng mas magandang sistema sa pagitan ng mga manggagawa at employer bilang tugon sa panganib sa lugar-paggawa.




Ngayong taon ay mapananagot na ang 15 na kumpanya na nilitis noong 2022, kasama na ang Chief Executive Officer ng Aricell, na makukulong ng apat na taon at pagmumultahin ng KRW 1 million matapos hindi mapigilan ang sunog sa pabrika ng baterya na pumaslang sa 23 na manggagawa.

Kapansin-pansin ang kawalan ng mga batas na may mabibigat na parusa sa mga mahihirap na bansa, lalo na sa Timog at Timog-Silangang Asya, kung saan nangyayari ang karamihan ng mga aksidente at pagkamatay dahil sa paglabag sa mga OSH standard. Binibigyang diin nito ang matinding pangangailangan na magkaisa at sama-samang kumilos para pahigpitin ang mga batas patungkol sa OSH at pagpapatupad ng kriminalisasyon ng mga paglabag sa OSH standard.

## Ano ang maaaring gawin ng mga manggagawa at mamamayan para suportahan ang kampanya para sa pag-kriminalisa ng paglabag sa mga OSH standard at pagpasa ng HB 5221?

Hindi lang sa Kongreso ang larangan para igiit ang pagpasa ng HB 5221. Mas kinakailangan ang malakas, tuloy-tuloy na pagkakaisa't sama-samang pagkilos ng manggagawa't mamamayang nagsusulong sa pundamental na karapatan sa kalusugan at kaligtasan.

Sa kasalukuyan, aprubado na ang HB 5221 sa House Committee on Labor and Employment. Ito ay naghihintay nang matalakay sa plenaryo ng Kongreso para sa Second Reading. Sa yugtong ito, isasalang sa debate at botohan ang panukalang batas hanggang maiakyat sa Third Reading.

Tulad ng ating kampanya para sa pagsasabatas ng OSH Law, mahaba't masalimuot pa ang dadaanan ng HB 5221.Kailangan ding maging mapagbantay upang hindi mapalabnaw ang nilalaman ng panukalang batas. Kaya't kailangang mas palawakin pa natin ang ating naaabot, palakasin ang pagkakaisa at pasiglahin ang ating sama-samang pagkilos para sa ating panawagang ikriminalisa ang mga paglabag sa OSH standard.

Narito ang ilang mga pamamaraan para suportahan ang kampanya:

**a. Alamin ang nilalaman ng HB 5221.**

Maglunsad ng mga talakayan tungkol sa HB 5221, Kampanya para sa Kriminalisasyon ng mga Paglabag sa OSH Standard at kalagayan ng OSH ng mga manggagawa sa iba't ibang sektor sa mga unyon, lugar-paggawa at komunidad.

**b. Ipalaganap ang ating kampanya sa iba't ibang mapanlikhang pamamaraan.**

Lumikha at magpamahagi ng mga polyeto, posters, at videos tungkol sa HB 5221 at kung bakit ito dapat suportahan. Gamitin ang social media para maabot ang pinakamalawak na pampublikong suporta sa loob at labas ng bansa.

**c. Makipag-ugnayan sa mga kinatawan ng inyong distrito at kunin ang kanilang suporta para sa HB 5221.**

Manawagan sa kanilang maging co-author, o aktibong isulong ang pagpapasa ng HB 5221. Ang mga liham, petisyon, at lobbying ng mga manggagawa at unyon ay makatutulong para sa pagpapalawak ng suporta sa panukalang batas.

**d. Makiisa at sumali sa People Unite for Safety and Health o PUSH Network.**

Makipag-ugnayan sa mga organisasyong aktibong nangangampanya para sa OEHS Agenda kung saan pangunahing nilalaman nito ay ang kriminalisasyon ng mga paglabag sa OSH standard.

**e. Idokumento at iulat ang mga paglabag sa OSH standard lugar-paggawa.**

**f. Bumuo ng mga Workers' OEHS committees sa inyong mga lugar-paggawa at komunidad.**

Sa huli, ang **Workers' OSH Committee** at lalo na ang pagkakaroon ng **tunay, palaban at makabayang unyon** ang pinakaepektibong proteksyon ng mga manggagawa sa kanilang karapatan sa kalusugan at kaligtasan.

## References:


1. ABS-CBN News. (2024, December 13). BFP reiterates appeal to electric companies: Fix your 'spaghetti' wires. ABS-CBN News Regions. https://www.abs-cbn.com/news/regions/2024/12/13/bfp-reiterates-appeal-to-electric-companies-fix-your-spaghetti-wires-1712
2. Associated Press. (2024). 9-story building under construction in the Philippines collapses, leaving 21 people missing. KRON4 News. https://www.kron4.com/top-stories/ap-top-headlines/ap-9-story-building-under-construction-in-the-philippines-collapses-leaving-21-people-missing/
3. Australian Council of Trade Unions. (n.d.). Industrial manslaughter. ACTU Policy Portals. https://www.actu.org.au/policy/industrial-manslaughter/
4. Brands of the World. (n.d.). OSHA (Occupational Safety Health Administration) vector logo. Brands of the World Directory. https://www.brandsoftheworld.com/logo/osha-occupational-safety-health-administration
5. Brisbane Scrap Metals. (n.d.). Safe battery recycling and disposal regulations. Brisbane Scrap Metals Safety Guidelines. https://www.brisbanescrapmetals.com.au/batteries
6. Bureau of Working Conditions. (2021). Annual report 2021. Department of Labor and Employment.
7. Bureau of Working Conditions. (2022). Annual report 2022. Department of Labor and Employment.
8. Bureau of Working Conditions. (2023). Annual report 2023. Department of Labor and Employment.
9. Bureau of Working Conditions. (2024). Annual report 2024. Department of Labor and Employment.
10. Cimino, C. M. (2017). Criminal penalties and occupational safety and health law. West Virginia Law Review, 120(1), Article 1945. https://researchrepository.wvu.edu/cgi/viewcontent.cgi?article=1945&context=wvlr
11. Department of Labor and Employment. (2018). Implementing rules and regulations of Republic Act No. 11058 otherwise known as "An Act Strengthening Compliance with Occupational Safety and Health Standards and Providing Penalties for Violations Thereof" (Department Order No. 198, Series of 2018).
12. Department of Labor and Employment. (2024). Revised implementing rules and regulations of Republic Act No. 11058 (Department Order No. 252-25, Series of 2024).
13. Department of Labor and Employment. (2026). Current workplace accident metrics and OSH compliance [Preliminary data as of December 2025]. https://dole.gov.ph/wp-content/uploads/2026/02/As-of-December-2025-prelimenary.pdf
14. Department of Trade and Industry. (n.d.). MSME statistics. DTI Knowledge Hub. https://www.dti.gov.ph/dti-knowledge-hub/dti-statistics/dti-msme-statistics
15. Enhesa. (2024). EHS regulations: Serious Accident Punishment Act (SAPA) in South Korea. Enhesa Resource Library. https://www.enhesa.com/resources/article/ehs-regulations-serious-accident-punishment-act/
16. Estcourt, D. (2024, February 19). Company fined $1.3 million after contractor killed by forklift. The Age. https://www.theage.com.au/national/victoria/company-fined-1-3-million-after-contractor-killed-by-forklift-20240219-p5f622.html
17. Felongco, G. P. (2018, September 15). 31 bodies recovered from Valenzuela factory fire. Gulf News. https://gulfnews.com/world/asia/philippines/31-bodies-recovered-from-valenzuela-factory-fire-1.1510602
18. Hankyoreh. (2024, October 24). Evaluating the enforcement and gaps of the Serious Accident Punishment Act. The Hankyoreh. https://english.hani.co.kr/arti/english_edition/e_national/1220512.html
19. Holding Redlich. (2024, October 15). Update: Industrial manslaughter offences across Australia. Holding Redlich Insights. https://www.holdingredlich.com/update-industrial-manslaughter-offences-across-australia
20. House Bill No. 5221. (2019). 18th Congress, 1st Regular Session. House of Representatives of the Philippines.
21. HSE Direct. (2025). Industrial manslaughter laws in Australia 2025: A national overview. Health, Safety and Environment Direct. https://hsedirect.com.au/industrial-manslaughter-laws-in-australia-2025/
22. Korean Institute for Labour Safety and Health. (2025, September). KILSH’s newsletter in September 2025. http://kilsh.or.kr/newsletter/kilshs-newsletter-in-september-2025/
23. Macdonald, A., & Matthews, J. (2024). Industrial manslaughter offence in Australia: A state-by-state analysis. HFW Insights. https://www.hfw.com/insights/industrial-manslaughter-offence-in-australia-a-state-by-state-analysis/
24. Magsumbol, C. N. (2026, February 26). Council backs Binaliw landfill reopening: Take measures—DENR urged. The Freeman. https://thefreemancebu.com/council-backs-binaliw-landfill-reopening-take-measures-denr-urged/
25. McCarthy, A., & Taylor, B. (2024, March 17). What are industrial manslaughter laws and how do they change workplace death accountability? ABC News. https://www.abc.net.au/news/2024-03-17/industrial-manslaughter-laws-workplace-death-explainer/103595298
26. Occupational Safety and Health Act of 1970, 29 U.S.C. §§ 651 et seq. (1970).
27. Occupational Safety and Health Administration. (2025, April 21). OSHA QuickTakes newsletter. U.S. Department of Labor. https://www.osha.gov/quicktakes/04212025
28. Republic Act No. 11058. (2018). An Act Strengthening Compliance with Occupational Safety and Health Standards and Providing Penalties for Violations Thereof. Official Gazette of the Republic of the Philippines.
29. Riga, R. (2020, May 28). 'No last I love you': Victim's daughter speaks at Qld's first industrial manslaughter sentencing. Brisbane Times. https://www.brisbanetimes.com.au/national/queensland/no-last-i-love-you-victim-s-daughter-speaks-at-qld-s-first-industrial-manslaughter-sentencing-20200528-p54xf6.html
30. Silverio, I. A. (2011, March 8). News in pictures: On 40th day since tragedy, groups slam continuing multiple subcontracting, ‘slave wages’ in Eton. Bulatlat. https://www.bulatlat.com/2011/03/08/news-in-pictures-on-40th-day-since-tragedy-groups-slam-continuing-multiple-subcontracting-%E2%80%98slave-wages%E2%80%99-in-eton/
31. Swink, M. (2022, November 11). OSH law primer part XIII: Criminal penalties and sanctions. The National Law Review. https://natlawreview.com/article/osh-law-primer-part-xiii-criminal-penalties-and-sanctions
32. The Korea Herald. (2023, April 5). Labor ministry to crack down on corporate negligence under SAPA. The Korea Herald. https://www.koreaherald.com/article/10466748
33. The Korea Herald. (2024, January 26). Small businesses face legal reckoning as SAPA grace period ends. The Korea Herald. https://www.koreaherald.com/article/10723382
34. The Philippine Star. (2025, January 7). 2 killed, 5 injured in Bukidnon highway accident. The Philippine Star Nation. https://www.philstar.com/nation/2025/01/07/2412515/2-killed-5-injured-bukidnon-highway-accident